**International Journal of Research Studies in Education**
2026 Volume 15 Number 1, 197-212




# Bangahon Karabaw Festival: Salamin ng mayamang kultura at tradisyon ng mga Samareňo

Manozo, Christopher De Guia ✉
*Ramon T. Diaz National High School, Philippines (christopher.manozo@deped.gov.ph)*
Marbella, Felisa Doctama
*Sorsogon State University, Philippines (felisa.marbella@sorsu.edu.ph)*

ISSN: 2243-7703
Online ISSN: 2243-7711

OPEN ACCESS

**Received**: 2 January 2026 **Revised**: 21 January 2026 **Accepted**: 22 January 2026
**Available Online**: 24 January 2026 **DOI**: 10.5861/ijrse.2026.26016

***Abstract***

Layunin ng pag-aaral na ito na mailarawan at masuri ang kasaysayan, kultura, tradisyon, at implikasyon ng Bangahon-Karabaw Festival sa bayan ng Gandara, Samar. Gumamit ang mananaliksik ng deskriptibo-kuwalitatibong disenyo at nangalap ng datos mula sa 60 kalahok gamit ang purposive at maximum variation sampling. Isinagawa ang panayam, focus group discussion, obserbasyon, at dokumentong pagsusuri bago, habang, at pagkatapos ng festival. Ginamit ang tematik-analisis upang tukuyin ang temang lumitaw mula sa mga sagot. Lumabas sa pag-aaral na ang festival ay nag-ugat sa agrikultural na pamumuhay ng mga Samareño, partikular sa mahahalagang ambag ng kalabaw sa kabuhayan. Napatunayan ding ang mga kuwento, tauhan, at props sa festival ay sumasalamin sa kultural na identidad ng komunidad at sa pananampalataya at kasaysayan ng Lumang Bangahon. Dagdag pa rito, natukoy ang malawak na implikasyon ng festival sa turismo, kabuhayan, at pagkakaisa ng mga mamamayan, alinsunod sa Social Capital Theory. Mula sa datos, nabuo ang Teoryang GANDARA (Gawaing Angkop Naipamanang Diwa ng Aral, Ritwal, at Atraksyon) na naglalarawang ang matagumpay na festival ay nakaugat sa aral, ritwal, at atraksyon bilang pamanang kultural. Inirerekomenda sa mga paaralan na gamitin ang naging resulta ng pag-aaral sa pagtuturo ng lokal na kasaysayan at kultura, isama ang festival sa lokal na kurikulum, at hikayatin ang kabataan na aktibong lumahok upang mapalalim ang kanilang kultural na pagkakakilanlan. Para sa mga magsasaka at may-ari ng kalabaw, iminumungkahi ang pagsasagawa ng seminar tungkol sa pangkabuhayan at pagpapatibay ng pakikipag-ugnayan sa LGU upang lalo pang maipakita ang agrikultura bilang pangunahing haligi ng festival. Para sa mga susunod na mananaliksik, inirerekomenda ang paglawak ng pag-aaral sa pamamagitan ng komparatibong analisis sa ibang festival sa rehiyon, paggamit ng *ethnographic approach* para sa mas malalim na dokumentasyon ng karanasan ng komunidad, at pagsusuri sa *gender roles*, impluwensiya ng relihiyon, at impak ng ekonomiya bilang hiwalay na larangan ng pananaliksik.

***Keywords:*** Bangahon Karabaw Festival, implikasyon, kasaysayan, kultura, tradisyon

© The Author(s) / Attribution-NonCommercial-NoDerivs CC BY-NC-ND

# Bangahon Karabaw Festival: Salamin ng mayamang kultura at tradisyon ng mga Samareňo

## 1. Introduksiyon

Sa bawat yugto ng kasaysayan, ang mga pamayanan ay lumikha ng iba't ibang anyo ng pagpapahayag upang maipakita ang kanilang pinagmulan, paniniwala, at kolektibong karanasan. Isa sa pinakamahalagang paraan upang maipreserba ang mga ito ay sa pamamagitan ng mga ritwal at tradisyong isinasagawa ng komunidad. Mula rito, umusbong ang mga pagdiriwang na naging bahagi ng pagkakakilanlan at buhay-kultural ng maraming bayan. Ang kultura ay nagsisilbing salamin ng pagkakakilanlan ng isang bayan. Isa itong mahalagang elemento ng kasaysayan at pagkatao ng isang lahi, na nagpapalalim sa pagkakaugnay-ugnay ng mga mamamayan sa pamamagitan ng wika, sining, relihiyon, at iba pang porma ng pagpapahayag. Sa pagdaan ng panahon, nananatiling buhay ang kultura sa pamamagitan ng mga pagdiriwang tulad ng mga kapistahan o festival. Ang mga ito ay hindi lamang okasyon ng kasayahan, kundi makapangyarihang midyum upang ipreserba at ipalaganap ang kasaysayan, paniniwala, at mga kolektibong alaala ng isang komunidad. Maliban dito, ang mga festival ay nagsisilbing haligi ng mga estratehiya para sa kaunlarang pang-ekonomiya at atraksyon sa turismo, kaya't ito ay tinuturing na mahalagang salik sa pagpapaunlad ng lokal na kabuhayan.

Kinilala ng UNESCO (2024) ang mga festival bilang ekspresyon ng *intangible cultural heritage*, kabilang sa kategoryang performans at selebrasyon. Ang ilang pagdiriwang ay opisyal na nakatala sa *Representative List of the Intangible Cultural Heritage of Humanity*, gaya ng Spring Festival ng China. Sa pag-aaral nina Indaryani et.al., (2024) nilayon ng pananaliksik na ito na suriin ang gampanin ng *Troso Weaving Festival* sa Jepara, Central Java, Indonesia, bilang isang pagkakataon para sa paglikha ng pinagsasaluhang kultural na halaga. Natuklasan na ang mga propesyonal na tagapag-ayos ng kaganapan at ang karanasang hatid ng festival ay may positibong epekto sa pagkakaroon ng kasiyahan at hindi malilimutang karanasan, na nagreresulta sa pagkakaroon ng matapat na tagasubaybay o konsumer. Ipinakita ng resulta na may positibong epekto ang mga propesyonal na tagapag-ayos sa karanasan ng mga dumalo sa festival. Ang mga salik tulad ng aliw o libangan, pakikisalamuha, interaksyon sa kapwa, paggalugad sa kultura, at damdamin ng pagkakaisa ay mahahalagang sangkap na nakaaapekto sa karanasan ng mga bisita sa festival. Bukod dito, napatunayan na ang karanasan sa kaganapan ay nagsisilbing tagapamagitan sa ugnayan ng propesyonal na organisasyon at sa pagbuo ng kultural na halagang pinagsasaluhan. Ipinapahiwatig ng pag-aaral na ang mga festival ay maaaring maging plataporma para sa aktibong partisipasyon ng mga kalahok sa paglikha ng kultural na halaga, na nagpapalawak sa pag-abot ng *Troso Weaving* sa buong mundo, at nakakatulong sa pag-unlad ng ekonomiya ng Indonesia.

Sa pag-aaral nina Thelen, and Kim (2024) sinuri ang mga salik o hadlang na nakapipigil sa panlipunan at pangkalikasang pagpapanatili sa mga pista ng *food tourism*, batay sa pananaw ng lokal na komunidad at mga tagapag-ayos ng festival. Sa konteksto ng isang *Abalone Festival* sa Japan, isinagawa ang kuwalitatibong pagsusuri sa pamamagitan ng malalimang panayam sa mga pangunahing tagapagsalita o stakeholder. Ipinakita ng mga natuklasan na ang mga sumusunod ay mga hadlang sa panlipunang pagpapanatili: pagdududa at kakulangan sa pakikilahok ng lokal na komunidad, malabong representasyon ng lokal na tradisyon o kultura, at limitadong interaksyon sa pagitan ng mga tagapagdaos at turista. Sa Pilipinas, maraming lungsod at bayan ang nagsasagawa ng mga festival bilang pagkilala sa kanilang lokal na pagkakakilanlan. Halimbawa, ipinagdiwang ng Lungsod Baguio ang kanyang pagkakabilang bilang UNESCO Creative City sa pamamagitan ng iBagiw Festival – patunay ng masiglang ugnayan ng sining, turismo, at pamayanang lokal.

Sa pambansang antas, ang mga festival sa Pilipinas ay itinuturing ng Department of Tourism (DOT) (2024) bilang mga pangunahing atraksyong pangkultura na may malaking ambag sa turismong domestic at internasyonal. Ang mga kilalang pagdiriwang tulad ng Sinulog Festival ng Cebu, Panagbenga ng Baguio, at Kadayawan ng Davao ay hindi lamang nagpapakilala ng lokal na kultura, kundi nagbibigay rin ng bilyong kita sa sektor ng turismo.

Batay sa datos ng DOT, ang kultural na festival ay may mahalagang papel sa pagtaas ng *employment rate* sa mga rehiyon at sa pagpapalawak ng MSMEs (*micro, small and medium enterprises*). Sa ganitong konteksto, ang pagdiriwang gaya ng Bangahon-Karabaw Festival ay may potensyal ding maging bahagi ng mas malawak na pambansang adbokasiya sa pagpapasigla ng lokal na turismo at pagbubuo ng pambansang identidad.

Ayon kina Alarde et al. (2021) ang festival ay pagdiriwang na nagsisilbing daluyan upang maipamalas ng isang pamayanan ang natatangi nitong tradisyon, paniniwala, produkto, at kultura sa pangkalahatan. Bagamat maraming mga pag-aaral na naisagawa ukol sa ugnayan ng pista at kultura, iilan pa lamang ang mga pag-aaral na nakatuon sa likas-kayang katangian ng mga kapistahan. Layunin ng nasabing pag-aaral na alamin ang mga likas-kayang katangian ng Uhayan Festival sa Barangay Macabling, Sta. Rosa City, Laguna gamit ang balangkas ng Pistang Pamana at Pistang Naaayon. Kinalap ang mga datos sa pamamagitan ng katutubong pamamaraan na pakikipagkuwentuhan sa mga susing tao na may kaugnayan sa implementasyon ng Uhayan Festival. Batay sa pag-aaral, ang mga programang nakapaloob sa Uhayan Festival ay nagtataguyod ng pagkakabuklod- buklod ng pamayanang Macabling. Sa kultural na aspekto, itinatampok ng Uhayan Festival ang iba't ibang gawain na nagsisilbing repleksyon ng Barangay Macabling bilang isang agrikultural na pamayanan. Ipinamalas ng Uhayan Festival ang kahalagahan ng pagtiyak sa pagiging likas-kaya ng isang kapistahan upang matagumpay at makabuluhan nitong magampanan ang mga layunin upang ito ay manatiling buhay at napapanatili. Sa pangkalahatan, ipinakita ng pag-aaral na ang pagtatampok ng kapistahan ay tumatawid sa kultural na aspekto tungo sa sosyal at pangkapaligirang aspekto. Mahalagang pag-aralan ang dinamiko ng pagkakaisa ng mga stakeholder ng kapistahan gayundin ang ginagawang hakbang sa pangangalaga ng kalikasan.

Masasabi nating ang festival ay isang anyo na pagpapahayag ng komunidad sa pagtatampok ng kanilang pagkakakilanlan sa pamamagitan ng kuwentong kultural na isinasaad sa mga pagtatanghal. Ito ay may impluwensiya sa muling pagbubuo ng pagkakakilanlan sa pamamagitan ng pagtatampok at pagpapalaganap ng mga pinahahalagahang asal at gawi ng mamamayan. Ang festival ay may mahalagang gampanin sa muling paglikha ng pagkakakilanlan ng mga tao habang itinatanghal ang kultura ng komunidad; sa proseso, nakatutulong ito sa pagpapanatili ng kaunlarang pangkabuhayan at pag-unlad ng pamayanan (Trujillo, 2022). Sa pag-aaral nina Adigue & Barcancel (2024) nabanggit na malaki ang kaugnayan ng industriya ng turismo sa pagpapataas ng ekonomiya sa mga lokal na pamahalaan, at ang pagkilala sa festival, produkto, at pook pasyalan ay makapagbibigay ng oportunidad na maiangat ang antas ng isang munisipalidad. Ngunit marami rin ang mga salik na nakahahadlang sa pagpapakilala ng turismo sa bayan at sa pagtaas ng antas na kinabibilangan ng isang bayan. Napatunayan ito ng naging pag-aaral na maitampok ang Bayan ng Nampicuan na may tuon sa festival, produkto, at pook pasyalan upang maging simulain na maipakilala ang naturang bayan sa mga karatig na lugar sa Nueva Ecija. Ginamit ang pamamaraang deskriptibo, kuwalitatibo at kutlural na pananaw. Lumabas sa pag-aaral na may malaking kaugnayan ang festival, produkto, at pook pasyalan sa larangan ng hanapbuhay at turismo. Naging balakid sa pagpapayabong ng turismo ang heograpikal na lokasyon, transportasyon, at hindi sapat na promosyon.

Sa naging pag-aaral din nina Galdo et.al (2021) inilarawan ang natatanging tema ng ugnayang pantao na matatagpuan sa Lilo-Wawa Festival sa Liloan, Southern Leyte. Ang Lilo-Wawa Festival ay isang pagdiriwang sa bayan ng Liloan, Southern Leyte. Ito ay pormal na inilunsad bilang pagkilala sa mahal na Patron na si San Ignacio de Loyola – ang tagapagtatag ng mga Heswita at patron ng mga sundalo, sa pangunguna ng mga lokal na opisyal at iba't ibang pampubliko o pribadong ahensya. Batay sa resulta ng pag-aaral, apat (4) na tema ng pakikipag-ugnayang pantao ang lumitaw: *(1)* Kooperasyon at suporta ng mamamayan. *(2)* Bawat kilos at galaw ay nagpapakita ng pagbabahaginan ng kasiyahan at galak. *(3)* Pagpapakita ng kagandahang-asal. *(4)* Ang wika ay hindi hadlang sa pagkakaisa at pagkakaunawaan. Napatunayan sa pag-aaral na ang Lilo-Wawa Festival ay may mahalagang papel sa ugnayang pantao, personal man o panlipunan sa bayan ng Liloan, Southern Leyte.

Isa sa mga ipinagmamalaking festival sa rehiyon ng Visayas ay ang Bangahon-Karabaw Festival ng Gandara, Samar. Ito ay taunang pagdiriwang bilang pagpupugay sa Karabaw, isang simbolo ng kasipagan at haligi ng agrikultura. Kilala rin ang Gandara sa produktong *Keseo* na gawa sa gatas ng Kalabaw, na nagsisilbing pangunahing ambag sa lokal na kabuhayan. Tampok sa nasabing festival ang mga *street dancing, fluvial parade*,

at iba't ibang pagtatanghal na ginaganap mula Setyembre 20 hanggang 29, kasabay ng pinakamahabang pista sa bansa. Sa kasalukuyan, kinikilala ang Bangahon-Karabaw Festival bilang isa sa pinakamatagumpay na festival sa buong Samar. Ilang ulit na itong nanalo sa Tandaya Festival of Festivals, na nagpapatunay sa kahusayan, sining, at sama-samang pagkilos ng mamamayan ng Gandara. Nagsisilbi itong patunay ng buhay na tradisyon at kolektibong identidad ng mga Samareño. Bukod sa kasiyahan, layunin ng pagdiriwang na mapanatili at mapalaganap ang kasaysayan at kultura ng bayan. Ipinagdiriwang din nito ang makasaysayang ugat ng Gandara bilang dating bayan ng Bangahon, kung saan matatagpuan ang Bangahon Church Ruins, isang lugar na may malalim na kaugnayan sa kasaysayan ng mga Samareño, partikular noong panahon ng mga Amerikano matapos ang Balangiga Encounter.

Sa sinaunang komunidad, tinitingnan ang Kalabaw bilang isang mahalagang salik sa matagumpay na pagsasaka. Itinuturing itong imahen ng kasaganaan hindi lamang dahil sa taglay nitong laki at kalusugan ngunit dahil sa kasipagan nito sa paggawa. Ito ang hayop na maaasahan sa bukid at katuwang ng magsasaka sa paglinang ng kaniyang lupain. Gayunpaman, sa pagdating ng mga mananakop na Español, nagbago ang ganitong pagtingin dahil itinuro sa mga sinaunang Pilipino na ang Kalabaw ay isang mangmang at sunod-sunurang hayop lamang sa bukid na pagbubungkal lamang ang nalalaman. Ginagamit na larawan din ang atrasadong Kalabaw sa akdang Si Tandang Basio Macunat upang ihalintulad sa mga indiyo na hindi dapat magkamit ng edukasyon. Ipinakikita ng papel na ito na sinikap baguhin ng mga manunulat at dibuhista ang kolonyal na pagtinging ito sa mga Kalabaw gamit din ang mga akdang pampanitikan. Mula sa ipinakilalang pasibong Kalabaw ng mga Español, binuhay ng mga makasining ang mga Kalabaw na nagagalit, gumaganti, at naghihimagsik. Gayundin, inilalarawan dito ang parehong kalagayan sa paggawa ng mga Kalabaw at magsasaka, at kung paanong sinasalamin ng imahen ng Kalabaw ang kalagayan ng mga magsasaka sa agrikultural na pamumuhay. Dahil dito, nagkakaroon ng dalawang magkaibang pagturing sa Kalabaw bilang pambansang hayop ng Pilipinas. Sa huli, maglalantad ang papel ng mga punto kung paano sinisimbolo ng Kalabaw ang pagkakakilanlan ng mga Pilipino sa industriya ng agrikultura at dualistikong pagtingin sa agrikultural na pamumuhay ng bansa (Gara, 2021).

Bilang isang mahalagang aspeto ng pananaliksik, layunin ng pag-aaral na ito na malaman ang kultura at tradisyon ng mga Samareno na nakapaloob sa Bangahon Karabaw Festival at maisadokumento ang kasaysayan nito. Layunin din na matukoy at masuri ang kultura at tradisyon ng mga Samareno batay sa kuwento, karakter at props. Inaasahan ding makabuo ng makabuluhang materyal na magsisilbing batayan sa patuloy na promosyon ng festival bilang pambayang simbolo ng pagkakakilanlan. Sa huli, ang pag-aaral ay inaasahang makapagbibigay ng benepisyo sa mga lokal na mamamayan, mga tagapagtaguyod ng kultura, mga opisyal ng pamahalaan, at sektor ng edukasyon sa pamamagitan ng mas malalim na pag-unawa at pagpapahalaga sa Bangahon-Karabaw Festival bilang salamin ng mayamang kultura at tradisyon ng mga Samareño.

Mahalaga ang pag-aaral na ito sapagkat nagbibigay ito ng sistematikong dokumentasyon sa kasaysayan, kultura, at tradisyon ng Bangahon Karabaw Festival—isang aspeto ng pamana ng mga Samareño na hindi pa ganap na nailalatala sa akademikong paraan. Ang mga datos at pagsusuring nilikom ay magiging malaking ambag sa pagpapanatili ng lokal na identidad at sa pagpapalakas ng kamalayang pangkultura ng komunidad. Makikinabang dito ang mga lokal na mamamayan, dahil magbubukas ito ng mas malalim na pag-unawa sa kanilang pinagmulan at kolektibong pagkakakilanlan. Gayundin, mga guro at mag-aaral, na maaaring gamitin ang resulta bilang karagdagang sanggunian sa pagtuturo ng lokal na kasaysayan, sining, at kultura. Para sa lokal na pamahalaan at sektor ng turismo, magsisilbi itong batayan sa pagpaplano ng mga programang pangkultura at panturismo, lalo na sa pagbibigay-halaga sa festival bilang potensyal na pangkabuhayan at mapagkukunan ng pamana. Makikinabang din ang mga mananaliksik, dahil nagbibigay ito ng bagong datos at perspektiba na maaaring maging gabay sa mga susunod pang pag-aaral hinggil sa festival, kultura, at komunidad sa Visayas. Sa kabuoan, ang pag-aaral na ito ay mahalaga upang mapanatili, mapalaganap, at mapayaman ang karunungan tungkol sa Bangahon Karabaw Festival bilang buhay na pamana ng mga Samareño.

***Layunin -*** Layunin ng pag-aaral na ito na nalaman ang kultura at tradisyon ng mga Samareno na nakapaloob sa Bangahon Karabaw Festival. Tinukoy ang sumusunod: 1) kasaysayan ng Bangahon-Karabaw Festival, 2)

kultura at tradisyon ng mga Samareno batay sa kuwento, karakter at props at 3) implikasyong dulot ng Bangahon-Karabaw Festival sa komunidad.

## 2. Metodolohiya

Ginamit sa pag-aaral na ito ang deskriptib-kuwalitatibong disenyo upang malaman ang kultura at tradisyon ng Samareno na nakapaloob sa Bangahon Karabaw Festival. Ang deskriptib-kuwalitatibong disenyo ay isang metodo ng pananaliksik na naglalayong ilarawan, unawain, at bigyan ng makabuluhang kahulugan ang mga karanasan, pananaw, kilos, at pagpapahayag ng mga tao o grupo batay sa kanilang natural na konteksto. Purposive sampling ang ginamit sa pagpili ng 60 kalahok. Kinabibilangan ito ng mga kalahok na may direktang nalalaman sa festival tulad ng mananayaw, mga kabataan, opisyal ng lokal na pamahalaan, nangangasiwa ng turismo, guro, at tagapagsalita mula sa simbahan. Binigyang-halaga sa pag-aaral ang etikal na pamantayan sa pangangalap ng datos. Lahat ng kalahok ay binigyan ng malinaw na paliwanag tungkol sa layunin ng pananaliksik at boluntaryo ang kanilang paglahok. Lahat ay may *written informed consen*t bago magsimula ang panayam o obserbasyon. Sinunod ang probisyon ng Data Privacy Act of 2012 (Republic Act No. 10173), kung saan tiniyak ng mananaliksik na walang personal na impormasyon ang isisiwalat, at gagamitin ang kodigo o numero upang mapanatili ang pagiging kumpidensyal ng pagkakakilanlan ng mga kalahok.

Gumamit ng *semi-structured interview guide* na nakatuon sa mga tanong tungkol sa pinagmulan ng festival, mahahalagang pangyayari, at mga personalidad na naging bahagi ng pagbuo nito. Pinagbatayan rin ang *souvenir programs*, *archival records*, larawan ng lumang Bangahon, *municipal reports*, at *social media posts* gamit ang *document analysis matrix*, habang ang *field notes template* ay ginamit upang itala ang mga naratibo at obserbasyong nagpalinaw sa kasaysayan ng pagdiriwang. Gumamit din *observation checklist* upang maidokumento ang aktuwal na pagtatanghal gaya ng sayaw, ritwal, *fluvial procession*, kostyum, at props, samantalang ang *photo/video log sheet* ay naglaman ng tala sa bawat larawang kuha upang mailarawan ang kultural na kahulugan ng mga ito. Isinagawa ang pangangalap ng datos bago, habang, at pagkatapos ng pagdiriwang upang makuha ang tunay na diwa, emosyon, naratibo, at perspektiba ng mga kalahok sa festival. Ang pagsusuri ng datos ay isinagawa sa pamamagitan ng *Thematic Analysis* nina Braun at Clarke (2006), na binubuo ng sunod-sunod na hakbang upang matukoy ang mahahalagang tema mula sa malawak na mga sagot at obserbasyon. Isinagawa ang pagpapakilala kung saan paulit-ulit na binasa, pinakinggan, at inorganisa ang lahat ng datos mula sa panayam, obserbasyon, dokumento, at FGD. Isinagawa ang *initial coding* sa pamamagitan ng *open coding* upang tukuyin ang mahahalagang pahayag, simbolo, kilos, at naratibo mula sa mga kalahok. Ang prosesong ito ay ginawa hiwalay para sa bawat layunin ng pag-aaral.

## 3. Natuklasan

Inilalahad sa kabanatang ito ang komprehensibong presentasyon, pagsusuri, at interpretasyon ng mga datos batay sa sagot ng iba't ibang sektor sa Gandara—mga Kabataan, guro, mananayaw, simbahan, sektor ng turismo, at lokal na pamahalaan.

### *3.1 Kasaysayan ng Bangahon Karabaw Festival*

Batay sa mga kasagutan ng mga kalahok sa pag- aaral na ito at mula sa pagsusuri ng datos, malinaw na ang Bangahon-Karabaw Festival ay hindi lamang isang taunang pagdiriwang kundi isang mayamang na ekspresyon ng kasaysayan, kultura, at kolektibong identidad ng mga Samareño. Ang pag-ugat ng festival sa pasasalamat sa Kalabaw at agrikultura ay nagpapakita na ang kabuhayan ng komunidad at ang kanilang araw-araw na pamumuhay ay nananatiling sentral na bahagi ng kanilang kultura. Ang pag-usbong nito mula sa simpleng selebrasyon ng isang barangay tungo sa festival ng munisipyo ay nagpapahiwatig ng patuloy na pag-unlad ng lokal na kultura at kung paano ang mga mamamayan mismo ang nagtataguyod at nagpapayabong nito.

Dagdag pa, ang pagkakabit ng festival sa makasaysayang *Lumang Bangahon* ay nagpapalalim sa kahulugan ng pagdiriwang dahil nagiging paraan ito ng pagbabalik-tanaw at pagkilala sa pinagmulan ng bayan, sa kanilang

pagbangon, sakripisyo, at pagkakaisa bilang komunidad. Higit sa lahat, lumitaw na ang festival ay produkto ng kolektibong pagkilos ng LGU, guro, kabataan, mananayaw, magsasaka, artists, at simbahan. Ito ay sumasalamin sa prinsipyong pinapahalagahan ng Social Capital Theory na ang kultura ay lalong lumalakas kapag pinananatili at isinasabuhay nang sama-sama.

***Tema 1: Festival bilang Pagpupugay sa Kalabaw at Agrikultura***

Marami mula sa iba't ibang sektor—kabataan, simbahan, guro, mananayaw at publiko ang nagpahayag na ang festival ay nagmula sa Pasasalamat sa Kalabaw, pagkilala sa Kalabaw bilang katuwang sa pagsasaka at pagtanggap sa Kalabaw bilang simbolo ng kabuhayan. Halimbawang mga pahayag ay: *"Nagsimula ito bilang pasasalamat sa Kalabaw dahil malaking tulong sila sa pagsasaka."*, *"Ang Kalabaw ang pangunahing hanapbuhay ng taga-Bangahon."*at *"Sumisimbolo ito sa kultura ng magsasaka at kabuhayan."* Ipinahihiwatig ng datos na ang mga komunidad sa Gandara ay may malalim na ugnayan sa gawaing agrikultural. Dahil dito, ang festival ay naging ritwal ng pasasalamat para sa hayop na nagsilbing sandigan ng kanilang kabuhayan. Ang tema ay sumasalamin sa identidad ng Bangahon bilang *agrarian community*. Ang festival ay nagsilbi hindi lamang pagdiriwang kundi pagkilala sa puwersang nagtaguyod ng buhay—ang Kalabaw. Ayon nga sa isang etnograpikong pag-aaral ni Canete (n.d) ang Carabao Festival sa Pulilan, Bulacan, ang selebrasyon ay harvest thanksgiving festival ng mga magsasaka at nagpapakita ng ritwal ng pasasalamat sa kanilang tagumpay sa agrikultura at mga hayop na tumulong sa kanila. Ang ganitong selebrasyon ay makikita rin sa Bangahon Festival.

***Tema 2: Pag-usbong sa Brgy. Minda bilang "Pangihaw Festival"***

Karamihan sa kalahok mula sa kabataan, guro, turismo, at lokal na pamahalaan ay nagbanggit na ang festival ay nagsimula bilang *barangay-based celebration***.** Nagsimula sa Brgy. Minda bilang Pangihaw Festival. Tuwing piyesta (1997–1998) at kalaunan ay naging Bangahon Karabaw Festival. Ayon sa kanila: *"Nagsimula ito noong 1998 sa Brgy. Minda."*, *"Unang tinawag na Pangihaw Festival."* at *"Nagsimula noong 1997 panahon ni late Mayor Aguilar."* Nag-ugat ang festiva sa *barangay-level cultural display* na umaangat taun-taon. Ang pagpapaligsahan ng barangay ay naging daan upang mapansin ng LGU ang potensyal ng presentasyon, kaya't ginawa itong opisyal na festival ng bayan. Ang ebolusyon mula sa barangay tungo sa *municipal festival* ay nagpapakita ng empowerment ng komunidad, kung saan ang kultura ay nagsisimula sa pinakamaliit na yunit at lumalago patungong pambayan. Sinuportahan ito ng pag-aaral ninaPalama et al. (n.d) sa Guimaras Island**,** may mga festival na *nag-ugat sa barangay at lebel ng munisipyo* at nagbibigay kontribusyon sa pagtaas ng bisita at pagpapaunlad ng turismo. Ipinapakita nitong ang mga lokal na selebrasyon ay may mahahalagang epekto sa ekonomiya at panlipunang pag-unlad ng mga komunidad. Sa pag-aaral rin ni Udtujan (2025) tungkol sa Pamulinawen Festival ng Laoag City, tinukoy ng mga mananaliksik na ang festival ay isang representasyon ng lokal na kasaysayan, tradisyon, at pagkakaisa ng komunidad. Ipinapakita rin sa pag-aaral ang papel ng intersektoral na pakikilahok (tulad ng mga guro, mag-aaral, turista, at lider ng pamahalaan) sa pagpapatuloy at pagpapalago ng festival bilang isang plataforma para sa identidad at pamana.

***Tema 3: Pag-uugat sa Sinaunang Bayan ng Bangahon***

Ilang kalahok mula sa kabataan, guro, turismo at lokal na pamahalaan ang nagbahagi ng historikal na pananaw: *"Ang Bangahon ang unang tirahan ng mga Gandareño."*, *"Nagsimula sa Bangahon kung saan masisipag ang magsasaka."*, *"Bangahon ay may kaugnayan sa paggawa ng Keseo at pagsasaka."* at *"Sinunog ang bayan ng Bangahon"*. Ang kanilang inilahad ay bahagi ng kuwento. Ang festival ay naglilingkod bilang pag-alaala sa *lumang bayan* na nalipat sa kasalukuyang Gandara. Ang mga pangyayari gaya ng pagkasunog ng Bangahon at pag-usbong muli ng komunidad ay patuloy na isinasalaysay sa festival. Ang festival ay nagsisilbing *historical bridge*, nagpapahayag ng pinagmulang bayan, ng mga pagsubok at ng pagbangon. Itinatanghal nito ang multo ng nakaraan at ng katatagan ng mga taga-Bangahon. Ayon nga sa pag-aaral na Balmeo et al. (2025) ang Panagbenga Festival sa Baguio ay isang magandang halimbawa ng isang festival na itinatag bilang pag-alaala at pagbangon ng komunidad mula sa malubhang pangyayari, ang pagguho ng 1990 Luzon earthquake. Ito ay hindi lamang selebrasyon ng mga bulaklak kundi simbolo ng pag-asa at katatagan ng mga taga-Baguio pagkatapos ng sakuna.

Ang mga konseptong ito ay tumatalakay na ang festival ay nagsisilbing *historical bridge* na iniingatan ang alaala ng nakaraan at ipinagdiriwang ang pagbangon at pagkakabuo ng bagong komunidad tulad ng Bangahon at Gandara. Ang Pamulinawen Festival ay nagpapakita rin ng papel ng festival sa pagkakaisa, pagpreserba ng tradisyon, at pagpapahalaga sa kultura ng komunidad. Makikita ang pagkakatulad ng naging kontribusyon ng Bangahon Festival na nakikitaan na maging kontribusyon ng festival ay higit pa sa pag-asa ng turismo, ito ay pagpapalaganap ng identidad at pakikipag-ugnayan sa komunidad. (De Jesus at Rabago, 2025).

***Tema 4: Pagpapaunlad ng LGU at mga Lokal na Lider***

Lahat ng sektor ay may binanggit na personalidad o institusyon na nagtaguyod ng festival, LGU Gandara, tagapagtaguyod ng festival, mga magsasaka, lider ng barangay, mananayaw at kalahok sa festival. Ipinapakita ng datos na ang festival ay hindi produkto ng iisang tao o sektor. Ito ay kolektibong inorganisa ng pamahalaan, komunidad, magsasaka*, artists/choreographers*, at barangay. Ang kasaysayan ng festival ay salamin ng bayanihan. Walang iisang nagtatag, bagkus ito ay resulta ng sama-samang aksyiong kultural na pinangunahan ng lokal na pamahalaan. Ang ganitong anyo ng kolektibong pagbuo ng festival ay umaayon sa mga pag-aaral nina Getz (2010) at Quinn (2005) na nagsasabing ang mga lokal na pista ay bunga ng pagtutulungan ng iba't ibang sektor at hindi ng iisang indibidwal. Sa kontekstong Pilipino, ang prosesong ito ay maaaring unawain bilang anyo ng **bayanihan**, kung saan ang pamahalaan, magsasaka, artists, at barangay ay magkatuwang sa paglikha at pagpapatuloy ng kultura (Jocano, 1999).

Implikasyon ito na may malalim at malawak na implikasyon sa kultura, edukasyon, turismo, at pagpapaunlad ng komunidad. Una, ipinapakita na ang festival ay maaaring magsilbing sentral na mekanismo para sa pangangalaga ng kultura, kung saan ang kasaysayan ng Bangahon at ang mga tradisyon ng mga Samareño ay naipapasa sa susunod na henerasyon sa pamamagitan ng sayaw, ritwal, at pagsasadula. Ikalawa, bilang festival na nakaugat sa agrikultura at kabuhayan, makikita ang potensyal nito sa pagbibigay-kapangyarihan sa ekonomiya, lalo na sa sektor ng turismo, produktong Keseo, at lokal na negosyo. Ikatlo, dahil ang festival ay kolektibong inorganisa at isinasakatuparan ng iba't ibang sektor ng lipunan, nagdudulot ito ng pagpapalakas ng sosyal na puhunan, nagiging instrumento ito sa pagkakaisa, pagtutulungan, at pagbubuo ng tinatawag na ipinagmamalaki ng lugar. Ito ay mahalaga para sa lokal na pamamahala at komunidad dahil nagbibigay ito ng pundasyon para sa mas matatag, aktibo, at nagkakaisang mamamayan. Ikaapat, ang mataas na antas ng partisipasyon ng mga kabataan sa festival ay nagtataguyod ng pagbuo ng kultural na identidad, na may positibong epekto sa kanilang pagpapahalaga sa kultura at pagiging bahagi ng komunidad. Sa mas malawak na konteksto, ang festival ay nagiging diskarte sa kultural na pag-aari para sa Gandara—isang yaman na maaaring gamitin sa edukasyon, turismo, pagpapakilala ng bayan, at pagbuo ng mga polisiyang pangkultura. Sa kabuoan, ang Bangahon-Karabaw Festival ay hindi lamang selebrasyon kundi isang makapangyarihang puwersa para sa pagpapatibay ng kultura, pagkakakilanlan, kabuhayan, at komunidad.

Tinalakay sa pag-aaral ni Nguyen (2025) ang mga tradisyunal na pista sa Timog-Silangang Asya bilang makukulay na pagpapahayag ng pagkakakilanlan ng mga mamamayan sa rehiyon. Ipinakikita ng mga pagdiriwang na ito ang pagkakaisa sa kabila ng pagkakaiba-iba ng kultura ng bawat bansa. Lumabas sa mga natuklasan na bagama't iba-iba ang ritwal at anyo ng mga pista, nag-uugat ang mga ito sa magkakatulad na tradisyon tulad ng pagtatanim ng palay, paniniwalang espirituwal, at pag-inog ng mga panahon. Napatunayan din na ang mga pista ay nakatutulong sa pagpapatibay ng ugnayan ng komunidad, paghubog ng pambansang identidad, at pagpreserba ng kultural na pamana. Sa kabila ng globalisasyon, nananatiling mahalaga ang mga pagdiriwang na ito bilang puwersa sa pagpapanatili ng kultura at sa pagpapalawak ng pag-unawa sa pagitan ng mga bansa sa Timog-Silangang Asya.

*3.2 Kultura at Tradisyon ng mga Samareño Batay sa Kuwento, Tauhan, at Props*

Sa kabuoang pagsusuri ng kultura at tradisyon ng mga Samareño batay sa kuwento, tauhan, at props ng Bangahon-Karabaw Festival, malinaw na ang festival ay nagsisilbing buhay na sisidlan ng kanilang kolektibong

identitad at karanasang historikal. Ang mga kuwentong pinagmulan tulad ng pagkasunog at pagbangon ng Lumang Bangahon, alamat nina Ungaho at Menga, at mga salaysay ng agrikultura at paggawa ng keso ay nagpapakita na ang kultura ng mga Samareño ay nakaugat sa tatlong mahahalagang haligi: katatagan, pananampalataya, at kabuhayan. Ang mga ito ay paulit-ulit na isinasakatawan sa mga pagtatanghal at ritwal ng festival, na waring muling isinasaad ang kasaysayan sa pamamagitan ng sining at galaw.

Gayundin, ang mga pangunahing tauhan tulad nina Ungaho, Menga, Sungayon/Abaw, Talabong, Kalabaw, at ang Magsasaka ay hindi lamang tauhang pandekorasyon, kundi metapora ng lipunang Samareño, isang komunidad na may matatag na pamumuno, paggalang sa kababaihan, katapangan, espirituwalidad, sipag, at walang sawang pagbangon mula sa pagsubok. Ang kanilang presensya sa festival ay nagpapatunay na ang identidad ng mga Samareño ay nakasentro sa ugnayan ng tao, kalikasan, at pananampalataya. Samantala, ang mga props gaya ng Palay, araro, Bilao, Nigo, Keso, Kalabaw Headdress, Talabong wings, at mga paso ay nagsisilbing materyal na simbolo ng kanilang kabuhayan at tradisyon. Sa pamamagitan ng mga ito, nagiging malinaw na ang kultura ng Bangahon ay agrikultural, may malalim na pagpapahalaga sa kalabaw, at nakaugat sa paniniwala at ritwal.

*3.3 Mga Kuwento at Alamat na Pinagmumulan ng Festival*

Lumabas mula sa datos na ang Bangahon Karabaw Festival ay nakaugat sa tatlong pangunahing naratibo: Kasaysayan ng pagkasunog at pagbangon ng Bangahon, Alamat ng pag-iibigan nina Ungaho at Menga, at Kuwento ng agrikultura at paggawa ng Keseo.

***Tema 1. Pagkasunog at Pagbangon ng Bangahon***

*"Iniuugnay sa totoong pangyayari na sinunog ang bayan ng Bangahon."*

*"Ito kwento ng Bangahon kung saan sinunog ang lugar na ito."*

*"Base sa kuwento ng aking ama…Nagsimula ito sa fiesta ng Gandara kung saan nagkaroon ng kompetisyon."*

*"Ang Bangahon ay puno ng masisipag na magsasaka at malalakas na Kalabaw."*

Ang pagkasunog ng Bangahon ay isang mahalagang pangyayari sa kasaysayan ng Gandara at naging sentro ng tema sa Bangahon Karabaw Festival. Batay sa mga pahayag ng mga kalahok, ang kwento ng Bangahon ay itinuturing *na historical memory* ng komunidad, isang paggunita sa mga pagsubok na nagbunsod sa paglipat at muling pagbangon ng bayan. Ang pag-alala sa trahedyang ito ay hindi lamang pagsasalaysay ng nakaraan, kundi isang paraan upang maipakita ang katatagan ng mga Gandareño. Sa konteksto ng festival, ang paggunita sa pagkasunog ay nagiging ritwal na nagbubuo ng pagkakakilanlan at pagkakaisa. Ang mga pahayag tulad ng "Iniuugnay sa totoong pangyayari na sinunog ang bayan ng Bangahon" at "Ito kuwento ng Bangahon kung saan sinunog ang lugar na ito" ay nagpapakita na ang festival ay nagsisilbing *historical bridge* na nag-uugnay sa kasalukuyan at nakaraan. Sa pamamagitan ng pag-arte, sayaw, at pagganap, naipapasa ang kuwento sa mga kabataan at sa mga manonood, kaya't hindi nalilimutan ang pinagmulan ng komunidad.

Sinabi nga ni Assmann (2011) na ang mga ritwal, selebrasyon, at festival ay mekanismo ng lipunan upang alalahanin ang mahahalagang pangyayari tulad ng trahedya, pagkawasak, at muling pagbangon. Ang kasaysayan ay hindi lamang nasa dokumento kundi isinasabuhay sa kultura at pista. Magkaugnay ito sapagkat ang pagsasalaysay ng pagkasunog at pagbangon ng Bangahon sa festival ay isang anyo ng preserbasyon ng *cultural memory.* Ipinapakita naman ng pag-aaral nina Picard at Robinson (2006) na maraming festival ang nabuo o binigyang-diin matapos ang trahedya o historikal na krisis bilang paraan ng komunidad upang ipahayag ang katatagan at pagbangon. Ang Bangahon festival ay maituturing na salaysay ng pagbangon matapos ang pagkasunog ng lumang bayan.

Tulad din ito sa pag-aaral nina Balmeo et al. (2021) na ang Panagbenga Festival ay simbolo ng pagbangon ng

Baguio mula sa lindol noong 1990. Ang festival ay nagsisilbing platform ng kolektibong trauma at pagpapagaling. Katulad ng Bangahon, ang Panagbenga ay nakaugat sa isang masakit na karanasan na ginawang selebrasyon ng pag-asa.

***Tema 2. Alamat nina Ungaho at Menga***

*"Pagbibigay-pugay sa alamat nina Ungaho at Menga."*

*"Pag-iibigan ni Abaw at Menga."*

*"Menga—prinsesa ng tribu."*

Ang alamat nina Ungaho at Menga ay isang mahalagang bahagi ng Bangahon Karabaw Festival dahil ito ay nagpapakita ng pinagmulang kuwento ng komunidad at nagbibigay ng kahulugan sa kanilang kultura at pagkakakilanlan. Ayon sa mga pahayag ng kalahok, ang pagganap ng alamat ay pagbibigay-pugay sa kuwento nina Ungaho at Menga, at ang mga karakter na ito ay nagsisilbing simbolo ng pag-ibig, sakripisyo, at paniniwala ng mga Samareño. Sa maraming kultura, ang alamat ay isang uri ng *oral tradition* na naglalaman ng mga paniniwala, moral na aral, at pagpapahalaga ng komunidad. Sa kaso ng Bangahon Karabaw Festival, ang alamat nina Ungaho at Menga ay nagiging buhay na naratibo na isinasayaw at ipinapakita sa publiko. Ang pahayag na "Pag-iibigan ni Abaw at Menga" ay nagpapahiwatig na ang kuwento ay may tema ng pag-ibig, na maaaring sumasalamin sa pagmamahalan sa pagitan ng mga tao at sa kanilang lupa, kabuhayan, at kultura. Ang pagganap ng alamat ay hindi lamang para sa aliw, kundi isang paraan upang maipasa sa kabataan ang kuwento ng kanilang pinagmulan at ang mga pagpapahalagang taglay nito.

Ipinaliwanag ni Eugenio (2001) na maraming alamat sa Pilipinas ang umiikot sa romantikong ugnayan tulad ng pag-ibig, sakripisyo, at tunggalian upang ipaliwanag ang pinagmulan ng isang lugar o komunidad. Ang pag-iibigan ay nagsisilbing moral at emosyonal na pundasyon ng alamat. Ang pag-iibigan nina Ungaho/Abaw at Menga ay maituturing na *etiological legend.* Ito ay alamat na nagpapaliwanag ng pinagmulan ng pangalan, kultura, o identidad ng lugar. Tinalakay ni Turner (1982) na ang mga ritwal at festival ay nagsasalin ng alamat at mito sa anyong sayaw, dula, at musika. Sa pamamagitan ng pagtatanghal, ang alamat ay nagiging buhay at naipapasa sa susunod na henerasyon. Ang pag-aalay ng festival bilang pagbibigay-pugay sa alamat nina Ungaho at Menga ay halimbawa ng *myth-to-performance transformation.*

***Tema 3. Kuwento ng Agrikultura at Keso***

*"Naipapakita sa pagsasayaw ang proseso kung paano nagsimula ang Keso mula sa gatas ng Kalabaw."*

*"Taga-Bangahon ay kilala sa pagsasaka."*

*"Tumutukoy sa magandang ani at kahalagahan ng Kalabaw."*

Ang Bangahon Karabaw Festival ay hindi lamang pagdiriwang ng kalabaw bilang simbolo ng lakas at sakripisyo, kundi pati na rin ng kabuhayan ng komunidad, ang agrikultura at ang proseso ng paggawa ng Keso. Mula sa mga pahayag ng kalahok, malinaw na ang festival ay nagbibigay-diin sa kahalagahan ng saka at gatas ng Kalabaw bilang pangunahing salik sa kanilang kabuhayan. Ang mga pahayag tulad ng "Naipapakita sa pagsasayaw ang proseso kung paano nagsimula ang keso mula sa gatas ng Kalabaw" at "Tumutukoy sa magandang ani at kahalagahan ng Kalabaw" ay nagpapakita na ang festival ay nagiging naratibong biswal ng kanilang pamumuhay sa bukid. Sa kulturang Pilipino, ang pagkain at agrikultura ay hindi lamang pangkabuhayan kundi bahagi ng identidad at kultura ng isang komunidad. Ang Kalabaw bilang pangunahing hayop sa pagsasaka ay simbolo ng pagpapagal, pagtitiyaga, at pag-asa. Ang pag-arte at pagsasayaw ng proseso ng paggawa ng Keso mula sa gatas ng Kalabaw ay isang paraan ng pagpapanatili at pagpapahalaga sa tradisyonal na kabuhayan. Ang paggawa ng Keso, bilang lokal na produkto ng Bangahon, ay nagbibigay ng pagkakakilanlan at pagmamalaki sa komunidad

dahil ito ay nagpapakita ng kanilang kakayahan na lumikha ng sariling produkto mula sa likas na yaman.

Ipinapakita sa pag-aaral na ang Keso ay hindi lamang pagkain kundi produktong kultural na may kaugnayan sa lokal na agrikultura at tradisyon ng mga magsasaka. (Dizon, 2012) Ang Bangahon bilang kilala sa pagsasaka at Keso ay umaayon sa konsepto ng *food heritage.* Ipinapakita na maraming festival sa Pilipinas ang nakasentro sa pasasalamat sa ani at sa hayop na tumulong sa produksyon. Ang mga presentasyon ay kadalasang may temang kasaganaan, ani, at kalikasan. (Ramos, 2014). Ang tema ng magandang ani at Kalabaw sa Bangahon festival ay maituturing na salaysay ng pasasalamat sa tuwing nag-aani. Ang festival ay malinaw na sumasalamin sa kasaysayan ng komunidad, alamat at kuwentong-bayan, at kabuhayan at tradisyon ng agrikultura. Hindi lamang ito pista; ito ay naratibong performans kung saan ang mga mananayaw ay nagiging tagapagsalaysay ng nakaraan. Ang pagsunog ng Bangahon ay nagiging simbolo ng katatagan habang ang alamat nina Ungaho at Menga ay nagiging representasyon ng pag-ibig, sakripisyo, at pananampalataya.

### *3.4 Mga Tauhang Kumakatawan sa Pagpapahalaga at Kultura ng Samareño*

Lumitaw mula sa sagot ng mga kalahok na ang mga tauhan ng festival ay sina Ungaho – pinuno at haligi ng tribo, Menga – prinsesa at simbolo ng pag-asa, Sungayon/Abaw – mandirigma at manunuyo, Talabong – puting ibon, simbolo ng gabay, Kalabaw – sentrong tauhan ng kultura at Magsasaka – representasyon ng buhay at kabuhayan

**1. Ungaho**

*"Ungaho—king/babaylan."*

*"Ungaho at Menga…kumakatawan sa tunay na buhay sa Bangahon."*

**2. Menga**

*"Menga—anak at prinsesa ng tribu."*

*"Minga—anak ni Ungaho."*

**3. Sungayon / Abaw**

*"Sungayon—masugid na manunuyo ni Menga."*

*"Sungayon ay sagisag ng lakas tulad ng kalabaw."*

**4. Talabong**

*"Talabong—puting ibon."*

*"Ang talabong ay isa sa mga pangunahing tauhan."*

**5. Kalabaw**

*"Karabaw ang pangunahing tauhan."*

*"Sinasagisag nito ang sipag at tiyaga ng mga magsasaka."*

**6. Magsasaka**

*"Mga magsasaka sa isang nayon."*

*"Sumasalamin sa tunay na magsasaka ng Samar."*

Ang mga tauhan sa festival ay hango sa totoong buhay. Hindi sila kathang-isip lamang, kundi salamin ng hirap

at tiyaga, pananampalataya, pag-ibig at sakripisyo, ugnayang panlipunan, ukit ng tradisyon. Ginagamit ang mga tauhan upang maipakita ang tradisyong Samareño sa isang malikhaing paraan. Tinalakay ni Kaeppler (2000) ang sayaw at performans bilang paraan ng pagpapanatili ng tradisyon at pagpapahayag ng kolektibong karanasan. Ang mga tauhan sa sayaw ay naglalarawan ng *socio-economic life,* ritwals, at lokal na kaugalian. Ang paggamit ng mga tauhan sa Bangahon festival ay malikhain ngunit tunay sa karanasan ng Samareño, mula sa trabaho, sakripisyo, hanggang sa paniniwala. Ipinakita na ang mga tauhan sa mga lokal na festival ay maaaring inspirasyon mula sa tunay na tao, at nagsisilbing simbolo ng pagpapahalaga, historikal na kaganapan, at lokal na identidad. (De Leon, 2015) Ang Bangahon festival ay gumagamit ng tauhang representatibo upang ipakita ang tradisyon, pananampalataya, at ugnayang panlipunan ng komunidad.

*3.5 Mga Props Bilang Materyal na Simbolo ng Kultura at Kabuhayan*

Tatlong uri ng props ang lumitaw: Agrikultural na Props – Palay, Araro, Nigo, Bilao. Produktong Lokal – Keso, Gatas ng Kalabaw. Simbolikong Props – Headdress ng Kalabaw, Talabong, Daba/Paso.

**1. Agrikultural na Props**

*"Palay, Nigo, Bilao, Araro, Palayok."*

*"Mga aanihin at gamit sa bukid."*

**2. Produktong Lokal**

*"Keseo bilang props."*

*"Bilao na may Keseo."*

**3. Simbolikong Prop**

*"Headdress ng Kalabaw at makukulay na kasuotan."*

*"Daba/Paso sa pag-aalay."*

*"Talabong pakpak ng ibon."*

Ang props ay hindi lamang dekorasyon, ito ay pisikal na anyo ng kultura, gamit sa ritwal at ani, repleksyon ng kabuhayan, at tanda ng pananampalataya at pag-asa. Ang pagkakaroon ng Keseo, Palay, Araro at Kalabaw mask ay nagpapakita ng matibay na identidad bilang agrikultural at maka-Diyos na komunidad. Tinalakay ni Miller (1987) ang kahalagahan ng mga bagay (objects) bilang tagapagdala ng kahulugan ng kultura. Ipinapakita na ang mga materyal na bagay ay may sosyal na buhay, at nagiging simbolo ng identidad, istatus, at paniniwala. Ang mga props tulad ng Keso, Palay, Araro, at Kalabaw mask ay materyal artifact na nagpapahayag ng kabuhayan at kultura ng Bangahon. Ipinapakita rin ni Derrett (2003) na ang mga festival ay nagpapakita ng identidad ng komunidad sa pamamagitan ng mga simbolo, ritwal, at props na ginagamit sa pagdiriwang. Ang props sa Bangahon festival ay bahagi ng ibinahaging identidad bilang sakahang lugar at relihiyosong komunidad.

Sa mas malawak na pananaw, ipinahihiwatig ng buong datos na ang Bangahon-Karabaw Festival ay may malaking papel sa preserbasyon ng kultura, pagbuo ng pagpapakilanlan, pagkakaisang sosyal, at pag-unlad ng komunidad. Una, nagbibigay ito ng matibay na pundasyon para sa edukasyon dahil maaaring gamitin ang mga kuwento, tauhan, at props bilang materyal sa pagtuturo ng lokal na kasaysayan at kultura. Napalalalim nito ang kamalayan ng kabataan at nagiging instrumento para sa paghubog ng kanilang kultural na identidad. Ikalawa, malaki ang potensyal ng festival sa pagtataguyod ng turismo at lokal na ekonomiya. Ang *narrative richness* nito, kasaysayan, alamat, agrikultura ay maaaring gawing pangunahing atraksyon na makapagbibigay ng kabuhayan sa magsasaka, gumagawa ng Keseo, nagtitinda, mga performer, at mga lokal na negosyo. Ang kultura ay nagiging ekonomiya, at ang ekonomiya ay nagiging bahagi ng kultura.

Ikatlo, ipinapakita ng festival ang kahalagahan ng sosyal kapital. Ang sama-samang paglikha ng kuwento, tauhan, at props ay nagpapalakas ng ugnayan ng komunidad, LGU, simbahan, paaralan, at pribadong sektor. Ang ganitong uri ng kolektibong pagkilos ay nagiging modelo para sa iba pang kultural na programa at inisyatibo ng komunidad. Ikaapat, ang festival ay may mahalagang implikasyon sa preserbasyon ng *intangible cultural heritage.* Sa pamamagitan ng pagsasadula, pagsasayaw, at paggamit ng tradisyonal na props, napapanatili at muling nabubuhay ang oral tradition, alamat, ritwal, at kasaysayan ng Bangahon. Nagiging mabisang paraan ito upang maipasa ang kultura mula sa matatanda tungo sa kabataan. Ang kabuoang implikasyon nito ay nagpapahiwatig na ang Bangahon-Karabaw Festival ay hindi lamang selebrasyon ng kalabaw o agrikultura bagkus ito ay pamana ng kultura, salamin ng pagkakakilanlan, at tulay ng komunidad tungo sa pag-unlad. Ang festival ay patunay na ang kultura ng Samareño ay buhay, nagpapatuloy, at patuloy na lumalakas sa pamamagitan ng kuwento, tauhan, at simbolo ng kanilang pamumuhay.

Tinalakay sa pag-aaral Palma (2023) na ang mga tradisyunal na pista sa Timog-Silangang Asya bilang makukulay na pagpapahayag ng pagkakakilanlan ng mga mamamayan sa rehiyon. Ipinakikita ng mga pagdiriwang na ito ang pagkakaisa sa kabila ng pagkakaiba-iba ng kultura ng bawat bansa. Lumabas sa mga natuklasan na bagama't iba-iba ang ritwal at anyo ng mga pista, nag-uugat ang mga ito sa magkakatulad na tradisyon tulad ng pagtatanim ng palay, paniniwalang espiritwal, at pag-inog ng mga panahon. Napatunayan din na ang mga pista ay nakatutulong sa pagpapatibay ng ugnayan ng komunidad, paghubog ng pambansang identidad, at pagpreserba ng kultural na pamana. Sa kabila ng globalisasyon, nananatiling mahalaga ang mga pagdiriwang na ito bilang puwersa sa pagpapanatili ng kultura at sa pagpapalawak ng pag-unawa sa pagitan ng mga bansa sa Timog-Silangang Asya. Ang pag-aaral na ito ay kahalintulad ng nagging resulta ng kasalukuyang pag-aaral.

### *3.6 Implikasyon Dulot ng Bangahon Karabaw Festival sa Komunidad*

Sa kabuoang pagsusuri ng datos mula sa iba't ibang sektor ng komunidad—kabataan, guro, magsasaka, LGU, simbahan, performers, at turismo lumitaw na ang Bangahon Karabaw Festival ay nagsisilbing sentral na puwersa ng panlipunan, pang-ekonomiya, at pangkulturang dinamism**o** sa Gandara at Bangahon. Higit pa sa pagiging isang selebrasyon, ang festival ay nagiging sama-samang karanasan ng komunidad na nagpapalalim sa ugnayan, pag-unawa, at kolektibong identidad ng mga Samareño. Ang layuning ito ay naglalayong ilahad at suriin ang naging epekto ng Bangahon Karabaw Festival sa komunidad ng Gandara at Bangahon batay sa sagot ng lahat ng kalahok. Lumitaw mula sa pagsusuri ang tatlong pangunahing tema ng implikasyon: Pagkakaisa at Pagkakakilanlan ng Komunidad, Pag-unlad sa Ekonomiya at Turismo at Pagpapatibay ng Kultura, Edukasyon at Kabataang Samareño

#### ***Tema 1. Pagpapatibay ng Pagkakaisa at Pagkakakilanlan ng Komunidad***

Lahat ng sektor, kabataan, guro, magsasaka, LGU, mananayaw, simbahan at turismo ay nagpahayag na ang festival ay nagbubunga ng mataas na antas ng pagkakaisa, damayan, at pagmamalaki sa bayan. Sabi nga nila: *"Nagbibigay saya at pagkakaisa ang festival.". "Nagiging bonding ito ng mga tao.". "Nagsisilbing daan upang magtipon ang iba't ibang sektor sa Gandara.". "Nakakabuo ng kolaborasyon sa paaralan, barangay at LGU.". "Sa bawat ensayo, nagiging mas malapit ang bawat isa.". "Nagdudulot ito ng teamwork at respeto.". "Ang festival ay kumukonekta sa mga tao ng Bangahon at Gandara.". "Nagbubuklod ang pananampalataya at kultura sa iisang pagdiriwang.".* Ipinapakita ng datos na ang festival ang nagsisilbing panlipunang *glu*e ng iba't ibang sektor. Pinatitibay nito ang *communal spirit*, lalo na sa panahon ng paghahanda. Ang bawat tao kabataan, guro, magsasaka, mananayaw, opisyal ay nagiging aktibong kalahok. Nagiging sama-samang kultural na identidad ang Bangahon Karabaw Festival. Ipinakilala ni Putnam (2000) ang konsepto ng sosyal kapital (patitiwala, network, kooperasyon) na nabubuo sa pamamagitan ng kolektibong gawain tulad ng mga kaganapang pangkomunidad at festival. Ang mga pagtitipon ng komunidad ay nagpapalago ng pagtitiwala, pagtutulungan ng magkakasama, at kooperasyon. Ang mga pahayag na nagiging bonding, pagkakaisa, at respeto ay halimbawa ng pormasyon ng sosyal kapital.

#### ***Tema 2: Pag-unlad ng Lokal na Ekonomiya at Turismo***

Mula sa mga kalahok, lumitaw ang malinaw na ugnayan ng festival sa pag-angat ng turismo at lokal na negosyo. Ayon sa kanila: *"Dumarami ang turista at bisita tuwing festival."*. *"Nagiging tourist attraction ang festival presentations."*. *"Mas nakikilala ang Gandara dahil sa Karabaw Festival."*. *"Tumataas ang kita ng maliliit na negosyo."*. *"Tumaas ang demand ng keseo dahil sa festival."*. *"Maraming bumibili ng pagkain, souvenir, at iba pa."*. *"Dumadami ang dumadayo, kaya mas gumaganda ang ekonomiya."* Ang festival ay nagiging *economic catalyst* sa komunidad. Dahil tumaas ang demand sa lokal na produkto (keseo, palay, souvenir), dumarami ang bumibisita tuwing festival, at dumarami ang stall ng mga pagkain, transportasyon, at iba pang negosyo. Nagiging seasonal ang matagumpay na pagdiriwang. Ipinapakita ni Frost (2014) na ang festival ay may positibong epekto sa lokal na ekonomiya dahil sa pagtaas ng demand sa produkto, serbisyo, at lokal na negosyo. Pinapakita rin ang pagtaas ng kita ng *micro and small enterprises*. Ang pagtaas ng kita ng maliliit na negosyo at demand sa keso at *souvenir* ay halimbawa ng paglago ng lokal na ekonomiyal. Tinalakay ang turismong festival bilang bahagi ng turismong kultural, kung saan ang mga lokal na tradisyon at kultura ay nagiging atraksyon sa turista. Binibigyang-diin ang pag-angat ng lokal na produkto at pagiging negosyante. (Richard, 2018) Ang Bangahon festival ay *produkto ng* turismong kultural na nagdudulot ng pagtaas ng bisita at demand sa produktong lokal.

***Tema 3: Pagpapatibay ng Kultura, Edukasyon, at Kabataang Samareño***

Maraming kalahok ang nagsabi na ang festival ay may malaking epekto sa kabataan at sa pagpapanatili ng kultura ng Samar. Gaya ng: *"Natuto kami sa kultura at alamat nina Ungaho at Menga."*. *"Mas nakikilala namin ang kasaysayan ng Bangahon."*. *"Nagiging educational tool ang festival."*. *"Ang props, tauhan at sayaw ay nagiging visual learning materials."*. *"Natututo ang kabataan ng disiplina, teamwork at pagmamahal sa kultura."*. *"Pinapalalim ang cultural appreciation ng mga bisita at taga-rito."*. *"Napapanatili ang pananampalataya at tradisyon sa ritwal ng pagsayaw."* Ang Bangahon Karabaw Festival ay hindi lamang pagdiriwang kundi isang *educational platform* na nagpapalalim ng kaalaman ng kabataan sa kasaysayan, alamat, at kultura ng Samar (Cohen, 1985; Hobsbawm & Ranger, 1983). Sa pamamagitan ng pagsayaw at pagganap, natututo ang kabataan ng disiplina, teamwork, at pagmamahal sa kultura (Bennett, 2005). Ang festival ay nagbibigay din ng *informal learning experience* sa mga bisita at komunidad (Henderson, 2007; Richards, 2018). Ang festival ay nagiging buhay na silid-aralan. Ang kabataan ay natuturuan ng kasaysayan, kultura, props, ritwal at tauhan. Ang kultura ay hindi lamang nababasa, isinasadula at isinasabuhay. Ang festival ay mabisang paraan ng paglilipat ng kaalaman sa kultura. Ito ay nakaugat sa konsepto ng *learning by doing*. Ang kabataan ay nagiging tagapagbantay ng kultura. Nagiging mas matatag ang pag-alam sa mga pamana. Naituturo sa mas batang henerasyon ang kultura ng Bangahon at Gandara. Lumalawak ang oportunidad para sa mas maalam sa kultura.

Una, malinaw na ang festival ay nagtataguyod ng pagkakaisa. Sa paghahanda at pagsasagawa ng festival, nagkakaroon ng interaksyon at pakikipagtulungan ang iba't ibang sektor na karaniwang hindi magkakasama sa iisang gawain. Ang ensayo, paggawa ng props, pag-oorganisa, at pagtatanghal ay nagiging espasyo para sa sosyal bonding, pagbuo ng tiwala, respeto, at kooperasyon. Ang festival ay nagiging tulay na nagdurugtong sa lumang henerasyon, kasalukuyang henerasyon, at kabataan, at nagtatatag ng sama-samang kultural na identidad na nakaugat sa kasaysayan at tradisyon. Ikalawa, lumitaw na ang festival ay may malaking kontribusyon sa lokal na ekonomiya at turismo. Ang pagdagsa ng mga turista, pagtaas ng demand sa Keseo at iba pang lokal na produkto, at paglago ng maliliit na negosyo ay nagpapakita na ang festival ay nagiging mabisang daluyan ng ekonomiya tuwing panahon ng selebrasyon. Ang Bangahon Karabaw Festival ay naisasama na ngayon sa listahan ng kilalang festival sa Samar, na nagbibigay ng dagdag na oportunidad para sa pangmatagalang paglago ng turismo.

Sa pag-aaral nina Indaryani et al. (2024) nilayon ng pananaliksik na ito na suriin ang gampanin ng Troso Weaving Festival sa Jepara, Central Java, Indonesia, bilang isang pagkakataon para sa paglikha ng pinagsasaluhang kultural na halaga. Natuklasan na ang mga propesyonal na tagapag-ayos ng kaganapan at ang karanasang hatid ng festival ay may positibong epekto sa pagkakaroon ng kasiyahan at hindi malilimutang karanasan, na nagreresulta sa pagkakaroon ng matapat na tagasubaybay o konsumer. Ipinakita ng resulta ng pananaliksik na may positibong epekto ang mga propesyonal na tagapag-ayos sa karanasan ng mga dumalo sa festival. Ang mga salik tulad ng aliw

o libangan, pakikisalamuha, interaksyon sa kapwa, paggalugad sa kultura, at damdamin ng pagkakaisa ay mahahalagang sangkap na nakaaapekto sa karanasan ng mga bisita sa festival. Bukod dito, napatunayan na ang karanasan sa kaganapan ay nagsisilbing tagapamagitan sa ugnayan ng propesyonal na organisasyon at sa pagbuo ng kultural na halagang pinagsasaluhan. Ipinapahiwatig ng pag-aaral na ang mga festival ay maaaring maging plataporma para sa aktibong partisipasyon ng mga kalahok sa paglikha ng kultural na halaga, na nagpapalawak sa pag-abot ng Troso Weaving sa buong mundo, at nakakatulong sa pag-unlad ng ekonomiya ng Indonesia.

## 4. Kongklusyon at rekomendasyon

Batay sa malalim na pagsusuri sa datos mula sa mga panayam, FGD, obserbasyon, dokumento, at *photo/video documentation*, lumitaw na ang Bangahon-Karabaw Festival ay higit pa sa isang pagdiriwang. Ito ay isang buhay na sisidlan ng kasaysayan, kultura, tradisyon, at kolektibong pagkakakilanlan ng mga Samareño. Napatunayan ng pag-aaral na ang festival ay nag-ugat sa malalim na koneksiyon ng bayan sa agrikultura at sa kalabaw bilang katuwang sa kabuhayan. Nagmula ito sa selebrasyon ng Brgy. Minda bilang Pangihaw Festival at unti-unting umangat tungo sa munisipal na antas. Ang kasaysayan nito ay nakaugnay din sa Lumang Bangahon, na nagbigay inspirasyon sa pangalan at esensya ng festival. Lumabas sa pagsusuri na malakas na nakaugat ang festival sa mga tema ng agrikultura, pananampalatayang komunal, at kultural na pagkakakilanlan. Ipinakita ng pag-aaral na ang festival ay may positibong implikasyon sa kabuhayan, turismo, kultura, at pagkakaisa ng komunidad.

Batay sa mga natuklasan ng pag-aaral, inirerekomenda na palakasin pa ng Lokal na Pamahalaan ng Gandara ang dokumentasyon ng festival, lalo na ang kasaysayan ng Lumang Bangahon, at paigtingin ang pagsasanay ng mga *choreographer, performers, at cultural worker*s upang higit na mapataas ang antas ng pagtatanghal. Mahalaga ring magtatag ng *Cultural Heritage Office* na mangangasiwa sa pangmatagalang pagpreserba ng pamanang kultural ng bayan. Inirerekomenda sa mga paaralan na gamitin ang naging resulta ng pag-aaral sa pagtuturo ng lokal na kasaysayan at kultura, isama ang festival sa local na kurikulum, at hikayatin ang kabataan na aktibong lumahok upang mapalalim ang kanilang kultural na pagkakakilanlan. Para sa mga magsasaka at carabao owners, iminumungkahi ang pagsasagawa ng seminar tungkol sa pangkabuhayan at pagpapatibay ng pakikipag-ugnayan sa LGU upang lalo pang maipakita ang agrikultura bilang pangunahing haligi ng festival. Para sa mga susunod na mananaliksik, inirerekomenda ang paglawak ng pag-aaral sa pamamagitan ng comparative analysis sa ibang festival sa rehiyon, paggamit ng *ethnographic approach* para sa mas malalim na dokumentasyon ng karanasan ng komunidad, at pagsusuri sa *gender roles*, impluwensiya ng relihiyon, at impak ng ekonomiya bilang hiwalay na larangan ng pananaliksik.

## 5. Talasanggunian


Adigue, A. P., & Barcancel, S. D. F. (2024). Pagtatampok sa bayan ng Nampicuan: Tuon sa festival, produkto, at pook pasyalan. *Cognizance: Journal of Multidisciplinary Research, 4*(12). https://doi.org/10.47760/cognizance.2024.v04i12.040

Alarde, H. P., Bartolabac, K. J., Acut, D. P., Morales, J. J., Calvo, P. J., Curaraton, E. P., Latonio, R. A. C., Cane, J. F., & Magsayo, J. R. (2021). *STEAM education for the Filipino youth in the new normal utilizing do-it-yourself photobioreactors* (Paper presented at the 4th International Annual Meeting on STEM Education, Keelung, Taiwan)

Assmann, J. (2011). *Cultural memory and early civilization: Writing, remembrance, and political imagination*. Cambridge University Press.

Balmeo, M. L., Bartolome, S. R., Catama, A., Datud, J. M., Ferrer, M. E., Magusib, J. L., Nafianog, E. E., & Sapigao, C. (2025). *People's cultural identity as reflected in Panagbenga (Flower) Festival. PanTAO: The International Journal of the Humanities and Social Sciences*.

Balmeo, M. L., Bartolome, S. R., et al. (2021). *People's cultural identity as reflected in Panagbenga (Flower) Festival*. PanTAO: The International Journal of Humanities and Social Sciences, 5(1).

Bennett, S. (2005). *Theatre and performance: A critical introduction.* New York: Routledge.

Braun, V., & Clarke, V. (2006). *Using thematic analysis in psychology***.** *Qualitative Research in Psychology, 3*(2),

77–101. https://doi.org/10.1191/1478088706qp063oa
Canete, R. R. (n.d.). Performing Faith, Celebrating Plenty, Conserving Tradition: The Carabao Festival of Pulilan (Etnograpikong pag-aaral). University of the Philippines Diliman.
Cohen, A. P. (1985). *The symbolic construction of community.* London: Routledge.
De Jesus, D. R. B., & Rabago, J. K. M. (2025). The socio-economic, educational, and cultural relevance of the Pamulinawen Festival of Laoag City, Philippines. *International Journal of Research and Innovation in Social Science (IJRISS).*
De L Kaeppler, A. L. (2000). *Dance ethnology and the anthropology of dance.* Dance Research Journal, 32(1), 116–125.
De Leon, A. (2015). *Myth, performance, and place in Philippine festivals.* Asian Theatre Journal, 32(2), 389–405.
Derrett, R. (2003). *Making sense of how festivals demonstrate a community's sense of place*. Event Management, 8(1), 49–58.
Dizon, J. T. (2012). *Kesong puti and local dairy traditions in the Philippines*. Journal of Philippine Food Studies, 4(1), 22–35.
Eugenio, D. L. (2001). *Philippine folk literature: The legends*. Quezon City: University of the Philippines Press.
Frost, W. (2014). *Festivals and economic development.* In R. R. George (Ed.), *Handbook of Tourism and Culture* (pp. 133–145). Routledge.
Galdo, M. B., Morial, D. B., De Paz, M. P., Gozon, M., Jr., Pelesco, M., & Custillas, F. F. (2021). Lilo-Wawa festival: Lente sa pagsasalarawan ng pakikipag-ugnayang pantao
Gara, A. (2021). Mga Pilipino sa párang: Kalabaw bilang pambansang sagisag ng paggawa [Filipinos in meadow: Carabao as a national symbol of labor]. *Katipunan: Journal of the Humanities, 7*, Ateneo de Manila University.
Getz, D. (2010). *The nature and scope of festival studies*. International Journal of Event Management Research, 5(1), 1–47.
Henderson, J. C. (2007). *Heritage and tourism in Singapore.* Singapore: NUS Press.
Hobsbawm, E., & Ranger, T. (1983). *The invention of tradition.* Cambridge: Cambridge University Press.
Indaryani, M., Lusianti, D., Zuliyati, Z., Rahmawati, N. I., Krisnanda, K., & Yusof, R. Z. (2024). Troso Weaving Festival: A Catalyst for Cultural Co-Creation. *Jurnal Ilmiah Ilmu Terapan Universitas Jambi*, *8*(1), 300–309. https://doi.org/10.22437/jiituj.v8i1.31960
Jocano, F. L. (1999). *Working with Filipinos: A cross-cultural encounter*. Quezon City: Punlad Research House.
Miller, D. (1987). *Material culture and mass consumption*. Oxford: Blackwell.
Nguyen, M. T. (2025). *Traditional Festivals in Southeast Asia: Unity in Diversity*. Jurnal ISO: Jurnal Ilmu Sosial, Politik Dan Humaniora, *5*(1), 14. https://doi.org/10.53697/iso.v5i1.2321
Palma, N. H., Gadian, J. T., Gaitano, J. H., Galapin, R. G., & Kupec, P. (n.d.). *Historical evolution of festivals in Guimaras Island, Philippines: Its implication to tourism industry growth.*
Palma, Norie H.; Gadian, Jasmin T.; Gaitano, Josie H.; Galapin, Revenlie G.; Kupec, Petr; (2023). *Historical evolution of festivals in Guimaras Island, Philippines: its implication to tourism industry growth. In: Public recreation and landscape protection - with environment*
Picard, D., & Robinson, M. (Eds.). (2006). *Festivals, tourism and social change*. Channel View Publications.
Putnam, R. D. (2000). Bowling alone: The collapse and revival of American community. New York: Simon & Schuster.
Quinn, B. (2005). *Arts festivals and the city*. Urban Studies, 42(5–6), 927–943. https://doi.org/10.1080/00420980500107250
Ramas, C. (2014). *Agricultural festivals in the Philippines: Meaning and practice*. Asian Journal of Cultural Studies, 6(2), 45–60.
Republic Act No. 10173. Privacy Act of 2012.
Richards, G. (2018). *Cultural tourism: A review of recent research and trends.* Journal of Hospitality and Tourism Management, 36, 12–21.
Richards, G. (2018). *Cultural tourism: A review of recent research and trends.* Journal of Hospitality and

Tourism Management, 36, 12–21.

Thelen, T., & Kim, S. (2024). *Towards social and environmental sustainability at food tourism festivals: Perspectives from the local community and festival organizers*. *Tourism Management Perspectives, 54*, 101304. https://doi.org/10.1016/j.tmp.2024.101304

Turner, V. (1982). *From ritual to theatre: The human seriousness of play*. New York: PAJ Publications.

Udtujan, (2025). *The socio-economic, educational, and cultural relevance of the Pamulinawen Festival of Laoag City, Philippines.* International Journal of Research and Innovation in Social Science.

UNESCO Convention for the Safeguarding of the Intangible Cultural Heritage (for mentioning UNESCO's recognition year, 2003)

UNESCO. (2003). *Convention for the safeguarding of the intangible cultural heritage*. https://unesdoc.unesco.org/ark:/48223/pf0000132540

UNESCO. (2024, December 4). *Spring Festival social practices of the Chinese people in celebration of traditional New Year*. UNESCO Intangible Cultural Heritage. https://ich.unesco.org/en/RL/spring-festival-social-practices-of-the-chinese-people-in-celebration-of-traditional-new-year-02126